Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Basahin ang sanaysay tungkol sa buhay ni Benigno “Ninoy” Aquino, Jr.

Si Ninoy

Si Benigno Simeon Aquino, Jr. ay ipinanganak noong ika-27 ng Nobyembre 1932 sa Concepcion, Tarlac. (1) Ninoy ang palayaw ni Benigno Aquino, Jr. Si Ninoy ang pangalawang anak nina Benigno Aquino, Sr. at Aurora Aquino. (2) Isang heneral sa hukbong rebolusyonaryo ni Emilio Aguinaldo ang lolo ni Ninoy na si Servillano Aquino. Ang tatay niya na si Benigno S. Aquino, Sr. ay dating Ispiker ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas sa pamahalaan ni Jose P. Laurel.

(3) Dahil maykaya ang kanyang pamilya, nakapag-aral sa mga pribadong paaralan si Ninoy. Siya ay nagtapos ng elementarya sa St. Joseph’s College at sa San Beda College naman ang kanyang mataas na paaralan. Noong labing-limang taong gulang pa lamang si Ninoy, namatay ang kanyang tatay.

(4) Nag-aral si Ninoy sa Ateneo de Manila at Unibersidad ng Pilipinas, ngunit hindi niya natapos ang kanyang kurso dahil nais niyang maging isang mamamahayag. Sa gulang na labing-pito, habang nagtatrabaho siya para sa pahayagan na *Manila Times*, ipinapunta si Ninoy sa Korea upang magdala ng balita tungkol sa digmaan doon.

Si Ninoy ay naging isang tagapayo ni Ramon Magsaysay sa pakikipag-usap kay Luis Tarus, ang pinuno ng rebeldeng pangkat na Hukbalahap. Sa edad na dalawampu’t dalawa, naihalal siya bilang alkalde ng Concepcion, Tarlac at pinakasalan niya si Corazon “Cory” Cojuangco. (5) Sina Maria Elena, Aurora Corazon, Benigno (Noynoy), Victoria Elisa, at Kristina ang mga anak nina Ninoy at Cory.

© 2014 Pia Noche

(6) Dahil matalino at magaling siya sa pagtatalumpati, mabilis na umakyat sa posisyon si Ninoy sa pamahalaan. (7) Siya ang naging pinakabatang gobernador noong 1963 at senador noong 1967. Kilala rin siya bilang pangunahing kritiko ng dating pangulo na si Ferdinand Marcos.

(8) Sa pampanguluhang halalan na dapat gaganapin noong 1973, si Ninoy ang kandidatong nangunguna, subalit idineklara ni Marcos ang batas-militar noong ika-21 ng Setyembre 1972. Hinuli, ikinulong, binintangan ng subersiyon, at hinatulan ng kamatayan si Ninoy. Halos walong taong nakakulong si Ninoy sa Fort Bonifacio at Nueva Ecija.

Habang nasa kulungan, inatake sa puso si Ninoy noong 1980. (9) Pinahintulutan siyang pumunta sa Estados Unidos upang ipagamot ang kanyang karamdaman sa puso at magpaopera roon. Ang pahintulot na ito ay may kondisyon na babalik si Ninoy sa Pilipinas at hindi niya tutuligsain si Marcos habang nananatili si Ninoy sa Estados Unidos. (10) Si Ninoy at ang kanyang pamilya ay pumunta sa Estados Unidos at sila ay nanatili roon ng tatlong taon.

Noong 1983, nagpasyang bumalik sa Pilipinas si Ninoy na gamit ang alyas na Marcial Bonifacio sa kanyang pasaporte. (Ang pangalan na *Marcial* ay kinuha niya mula sa salitang *martial law* at ang *Bonifacio* naman ay kung saan siya ikinulong.) (11) Nais niyang makipag-usap kay Pangulong Marcos, na sa panahong iyon ay may sakit na lupus. Kinatatakutan ni Ninoy na magkakagulo sa Pilipinas sakaling mamatay si Marcos. (12) Alam ni Ninoy na maaaring ikulong o ipapatay siya kung bumalik siya sa kanyang lupang tinubuan.

Noong ika-21 ng Agosto 1983, bago pa lumapag ang kanyang eroplano sa Pilipinas ay binalaan na ni Ninoy ang mga mamamahayag na ihanda ang kanilang mga kamera dahil marahil mabilis ang kanyang pagpaslang. (13) Si Ninoy ay binaril sa likod ng ulo habang pababa siya ng eroplano kasama ang mga guwardiya ng pamahalaan. (14) Namatay si Ninoy sa tarmak ng paliparan ng Manila International Airport.

(15) Ang pagpaslang kay Ninoy ang isa sa mga salik na nagtulak sa mga Pilipino na patalsikin sa pamahalaan ang diktador na si Marcos sa pamamagitan ng isang mapayapang rebolusyon.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pag-unawa sa Binasang Sanaysay (Mga Sagot)

Kakayahan: Nakababasa ng sanaysay nang may pag-unawa; Naaalala ang mga mahahalgang detalye ng sanaysay na binasa

Isulat ang titik **T** sa patlang kung tama o totoo ang pangungusap batay sa sanaysay tungkol sa buhay ni Benigno Aquino, Jr. Isulat ang titik **M** kung mali o hindi totoo ang pangungusap ayon sa sanaysay.

__T__ 1. Ninoy ang karaniwang tawag kay Benigno Aquino, Jr.

__M__ 2. Natapos ni Ninoy ang kursong abogasya sa Unibersidad ng Pilipinas.

__T__ 3. Si Ninoy ay naging alkalde at gobernador ng Tarlac.

__M__ 4. Si Ninoy ay ang pinakabatang pangulo na inihalal sa Pilipinas.

__M__ 5. Tatlo ang naging anak nina Ninoy at Cory.

__T__ 6. Kilala si Ninoy bilang isang kritiko ni Ferdinand Marcos.

__T__ 7. Naoperahan sa puso si Ninoy sa Estados Unidos.

__M__ 8. Si Ninoy ang unang politiko ng kanyang pamilya.

__M__ 9. Hindi nahalal bilang senador si Ninoy.

__T__ 10. Nakipag-usap si Ninoy sa Hukbalahap bilang sugo ni Pang. Ramon Magsaysay.

__M__ 11. Ginamit ni Ninoy ang kanyang tunay na pangalan sa kanyang pasaporte.

__T__ 12. Alam ni Ninoy na nasa panganib ang kanyang buhay kapag bumalik siya sa Pilipinas.

__T__ 13. Binaril si Ninoy pagbalik niya sa Pilipinas noong 1983.

__M__ 14. Namatay si Ninoy sa loob ng eroplanong sinakyan niya.

__T__ 15. Ang pagpaslang kay Ninoy ay isang mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Parirala, Sugnay, at Pangungusap (Mga Sagot)

Kakayahan: Pagkilala sa parirala, sugnay, at pangungusap

Basahin muli ang mga pangungusap na may bilang sa sanaysay tungkol sa buhay ni Benigno Aquino, Jr. Tukuyin kung **parirala**, **sugnay**, o **pangungusap** ang may salungguhit sa bawat bilang. Kung sugnay ang iyong sagot, tukuyin kung ito ay **sugnay na makapag-iisa** o **sugnay na di-makapag-iisa**. Isulat ang sagot sa patlang.

1. pangungusap
2. pararila
3. sugnay na makapag-iisa
4. sugnay na di-makapag-iisa
5. pangungusap
6. sugnay na di-makapag-iisa
7. pangungusap
8. sugnay na makapag-iisa
9. parirala
10. pangungusap
11. parirala
12. sugnay na di-makapag-iisa
13. sugnay na makapag-iisa
14. pangungusap
15. parirala

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Simuno/Paksa at Panaguri ng Pangungusap (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang simuno/paksa o panaguri ng pangungusap

A. Salungguhitan ang **simuno** o **paksa** ng bawat pangungusap.

1. Si Benigno Simeon Aquino, Jr. ay ipinanganak noong ika-27 ng Nobyembre 1932 sa Concepcion, Tarlac.
2. Isang heneral sa hukbong rebolusyonaryo ni Emilio Aguinaldo ang lolo ni Ninoy na si Servillano Aquino.
3. Sina Maria Elena, Aurora Corazon, Benigno (Noynoy), Victoria Elisa, at Kristina ay ang mga anak nina Ninoy at Cory.
4. Idineklara ni Marcos ang batas-militar noong ika-21 ng Setyembre 1972.
5. Ang pagpaslang kay Ninoy ang isa sa mga salik na nagtulak sa mga Pilipino na patalsikin sa pamahalaan ang diktador na si Marcos.

B. Salungguhitan ang **panaguri** ng bawat pangungusap.

1. Si Benigno S. Aquino, Sr. ay dating Ispiker ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas.
2. Inatake sa puso habang nasa kulungan si Ninoy.
3. Si Ninoy at ang kanyang pamilya ay pumunta sa Estados Unidos.
4. Hinuli, ikinulong, binintangan ng subersiyon, at hinatulan ng kamatayan si Ninoy.
5. Pinatalsik ang diktador na si Marcos sa pamamagitan ng isang mapayapang rebolusyon.

© 2014 Pia Noche